
PIDRO WORMKILLER • STELLITE • V-22 POW
CHLOR SP • XZOL 24% • CONCENTRIN LA •
REDBIK TYLO • ISOLAN 5% • ISOLAN 20% •
CECICAL POWDER • ANIMYCIN • MILKGOLD • BIGG ELECTROLYT

*May the* ***FORCE***
*be with you...*

# MGA GABAY SA PAGPAPARAMI NG BIIK

## BELMAN Recommends
## "The Best Start For Piglets"



**6TH EDITION**

PIDRO WORMKILLER • STELLITE • V-22 POWDER • CHLOR SP •
XZOL 24% • REDBIK TYLO • ... • REDBIK IRON • CECICA
ISOLAN 20% • ANIMYCIN • ... CHLOR SP • STELLITE •

# MGA GABAY SA PAGPAPARAMI NG BIIK

| KAILAN | MGA DAPAT GAWIN | BAKIT | DAPAT GAMITIN | PARAAN NG PAGGAMIT |
|---|---|---|---|---|
| Linggo bago akastahan | Purgahin ang inahin | Upang maalis o maiwasan ang alinmang uri ng mga bulate na kaagaw sa mga sustanyang nakukuha sa pagkain. | **PIDRO WORMKILLER** | 24 gramo bawat inahin na may timbang 120 K o kaya'y 0.2 gramo bawat kilong timbang. |
| | Panatilihin ang mataas na antas ng suplementong antibiotiko sa pagkain. | Upang puksain ang ano mang sakit na maaring makasagabal sa kalusugan ng inahin o dumalaga sa panahong pagpapalahi at masigurong maraming mabuong semilya nito. | **CHLOR-SP** | Lakuhan ng 1-2 kutsara (15-30) graming **Chlor-SP** bawat 11 kilo pakain o 1-2 bawat toneladang pagkain. |
| -2 Linggo bago akastahan | Magbigay ng mahusay na antibiotiko at bitamina bago isagawa at pagkatapos ang pagbabakuna. | Upang maiwasan ang "Stress" at maihanda siya sa panahon ng pagbubulog. | **BIGG FORMULA 1 Water Soluble Granule** | 1 kutsara bawat 4 litrong inuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw. |
| | Bakunahan ang inahin laban sa Hog Cholera. | Upang mapangalagaan ang inahin laban sa Hog Cholera. | **HOG CHOLERA Vaccine** | Sundin ang isinasaad sa pakete. |
| | Bigyan ang inyong inahin ng higit sa pangkaraniwang dami ng pagkain. (Mga 3 ½ - 4K sa araw-araw). Bigyan sila ng mabitaminang pagkain na may mineral calcium at phosphorus. | Ito ay mahalaga sa pagpapataas sa bahagdan ng pangingitlog (ovulation rate). | **MAMILI:**<br>**1. NEW IMPROVED V-22 POWDER**<br>**2. CECICAL** | 2 ½ kutsara bawat inahin araw-araw. Ihalong mabuti sa pagkain.<br>1 apaw na kutsarita bawat inahin araw-araw Ihalong mabuti sa pagkain. |
| | Turukan ng B-complex vitamins o Vitamin A D E | Upang masiguro ang pagiging malakas at masigla ng mga biik. | **MAMILI:**<br>**1. VETCOMBEX Injection**<br>**2. VITAMIN A D E** | 5 mL bawat inahin. Iturok (Intramuscular)<br>5 mL bawat inahin. Iturok. |
| agkatapos ng agpapakasta | Bawasan ang dami ng pagkain. Bigyan lamang ng 2 ½ - 3K araw-araw. Ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga pagkaing may bitamina, mineral, calcium at phosphorus. | Para sa mas malusog at malakas na mga biik. | **MAMILI:**<br>**1. NEW IMPROVED V-22 POWDER**<br>**2. CECICAL** | 2 ½ kutsara bawat inahin araw-araw. Ihalong mabuti sa pagkain.<br>1 apaw na kutsarita araw-araw, ihalong mabuti sa pagkain. |
| -2 Linggo bago anganak | Magbigay ng Electrolytes sa inuming tubig. | Para maiwasan ang anumang paghihirap o stress sa buntis na inahin dulot ng pagpupurga at palakasin ang pangangatawan sa oras ng panganganak. | **BIGG ELECTROLYTE Water Soluble Granule** | 1 kutsara bawat 20 litrong inuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw. |
| | Purgahin ang inahin. | Upang maiwasan ang posibleng pagkakaroon ng bulate sa mga biik na nakukuha sa inahin habang sila ay nasa sinapupunan pa. | **PIDRO WORMKILLER** | 24 na gramo bawat inahin na may timbang 120K o kaya'y 0.2 gramo bawat kilo ng timbang. Ihalong mabuti sa pagkain o inumin. |
| Linggo bago anganak | Bigyan ang inahin ng mga berdeng pagkain gaya ng kangkong at dahon ng kamote. | Upang makatulong sa pantunaw ng hayop at maiwasan ang pagtigas ng dumi at mabawasan ang pagkakaroon ng MMA Syndrome (Mastitis, Metritis Agalactiae.) | **KANGKONG, DAHON NG KAMOTE O DARAK** | |
| | Ipagpatuloy ang pagbibigay ng bitamina at mineral. | | | |
| | Isang Linggo bago manganak ay itigil muna ang pagbibigay ng calcium sa pagkain. | Upang pasiglahin ang kontrol ng "Parathyroid Glands" sa paggamit ng calcium sa katawan. | **NEW IMPROVED V-22 POWDER** | 2 ½ kutsara bawat inahin araw-araw. Ihalong mabuti sa pagkain. |
| | Magdagdag ng antibiotiko sa pakain. | Upang mapalakas ang resistensya ng inahin sa anumang sakit at | **CHLOR-SP** | Lakuhan ng 1-2 kutsara (15-30 gramo) ng **Chlor-SP** |

| KAILAN | MGA DAPAT GAWIN | BAKIT | DAPAT GAMITIN | PARAAN NG PAGGAMIT |
|---|---|---|---|---|
| **3 araw bago manganak** | Linising mabuti at disenpektahin ang kulungang pagpapaanakan. | Upang maiwasan ang mga mikrobyong nagiging sanhi ng pagkakasakit ng mga biik at inahin. | **IODOSTRIKE® (ANTISEPTIC SOLUTION)** | 3 kutsara bawat 8 litrong tubig. Spray. |
| | Linising mabuti ang inahin lalong lalo na sa may bandang mga suso. | Upang mapangalagaan ang inahin laban sa MMA Syndrome. | **SABON AT TUBIG** | Sabunin at banlawan maigi ang inahin. |
| **Pangangalaga sa bawat biik na ipinapanganak** | Bawat biik na inilalabas ay dapat punasan ng malinis at mamasa-masang basahan lalo na sa may ilong upang maalis ang manipis na lamad na bumabalot sa biik. | Upang mapaluwag ang paghinga ng biik. | | |
| | Isunod ang pagpuputol ng pusod. Talian ng may 1 pulgada ang layo sa katawan at dampian ng antiseptiko. | Upang maiwasan ang labis na pagdurugo at inpeksyon. | **IODOSTRIKE® (ANTISEPTIC SOLUTION)** | Dampian sa pamamagitan ng bulak |
| | Putulin ang pangil ng biik. Kikilin ang matatalim na dulo ng pinagputulan. Iwasan magkasugat ang gilagid. | Upang maiwasan ang posibleng pagkakasugat ng inahin sa pagpapasuso. | | |
| | Ilagay ang mga biik sa mainit-init at malinis na lugar hanggang matapos ang panganganak. | | | |
| **Pagkatapos ng panganganak** | Linising mabuti ang inahin lalong-lalo na ang mga suso. Gumamit ng malinis at mamasa-masang basahan. | | | |
| | Hugasan ang loob ng matres ng matabang na antiseptiko. | Para malinis ng husto ang matres at mabawasan ang posibleng inpeksyon at MMA Syndrome. | **10% POTASSIUM PERMANGANATE SOLUTION** | Gumamit ng plastik na heringilya na walang karayom, (50mL) |
| | Turukan ang inahin ng calcium. | Upang maiwasan ang posibleng pagpapalya ng gatas o Agalactiae. | **D.C.M. o C.B.G. Injectable** | Sundin ang sinasaad sa pakete |
| | Turukan ang inahin ng mabisang antibiotiko. | Upang maiwasan ang MMA Syndrome at iba pang inpeksyon. | **STELLITE or XZOL 24% Injectable** | Sundin ang sinasaad sa pakete |
| | Turukan ang inahin ng Oxytocin. | Upang tulungang mailabas kung may naiwan pang biik sa loob ng matres. Para tulungang bumaba ang gatas at masimulan na ang pagpapasuso ng inahin. Upang tumulong mailabas ang inunan ng mga biik at upang tulungang linisin ang matres. | **ILUALCIN® Injectable** | Sundin ang sinasaad sa pakete |
| **1 araw pagkapanganak** | Bigyan ang mga biik ng mabisang gamot laban sa pagtatae. | Upang maiwasan ang pagtatae ng mga biik. | **ANIMYCIN Suspension** | ½ kutsarita (2.5 mL) bawat biik. |
| | Maari ng pakainin ang inahin ng pagkaing nakapagpapagatas. Umpisahan ng 1k sa unang araw at dahan-dahan hanggang umabot sa 3.5 - 4k sa ika-7 araw. | Upang mapaganda ang daloy ng gatas ng inahin at maiwasan ang pagbaba ng timbang ng inahin. | | |
| **3 araw pagkapanganak** | Turukan ang mga biik ng Iron at B-complex vitamins. | Ito'y laban sa anemya, pagtatae at pulmonya at silbing pampagana sa pagkain. | **REDBIK TYLO** | 1 mL bawat biik, iturok sa pigi (intramuscular). |
| | | | **VETCOMBEX Injectable** | ½ mL bawat biik kasabay ng REDBIK TYLO. |
| **5 araw** | Ipagpatuloy muli ang pagbibigay | Ang mga ito ay lubhang kailangan | **CECICAL** | 1 apaw sa kutsara bawat inahin |

| KAILAN | MGA DAPAT GAWIN | BAKIT | DAPAT GAMITIN | PARAAN NG PAGGAMIT |
|---|---|---|---|---|
| 5 araw pagkapanganak | Dapat na nating sanayin ang ating mga alagang biik na kumain ng panimulang rasyon tulad ng piglet booster pellets. Ibigay ito sa isang malinis na sulok ng kulungan na hindi maaabot ng inahin.<br><br>O dili kaya'y piglet booster mash at dagdagan ng tamang bitamina, mineral at protina. | Upang madagdagan ang sustansyang nagmula sa gatas ng inahin at mas maagang maiwalay ang mga biik dahil sa mabilis na paglaki at pagbigat ng mga ito. At tuloy maihanda ang inahin sa susunod na pagbubuntis. | **MILKGOLD SUPER FOOD FOR SUPER PIGLET**<br><br>**NEW IMPROVED V-22 POWDER** | Sa limitadong pagkain, 2 hanggang 3 beses maghapon sa daming sapat lang makabusog sa kanila. Pamalagiin lamang ang malinis na tubig na maiinom ng mga biik. Aabot lamang halos ng isang kilo ng **Milkgold** ang makakain ng bawat biik - sa panahon (5-28 araw)<br>(Para sa karagdagang inpormasyon, tunghayan sa sipi ng Milkgold).<br><br>1 apaw na kutsarita bawat kilo ng pagkain. |
| 10-14 araw pagkapanganak | Turukan muli ng Iron Dextran | Upang makumpleto ang pangangailang Iron at tuloy lumakas ang resistensya laban sa sakit. | **REDBIK TYLO** | 1-2 mL bawat biik. Iturok sa pigi (Intrauscular). |
| 11 araw pagkapanganak | Magbigay ng mahusay na antibiotiko at bitamina bago isagawa at pagkatapos ang pagkakapon.<br>Ang pagkakapon sa mga lalaking biik na hindi gagawing palahian ay maaaring isagawa. Linisin ng antiseptiko pagkatapos. | Upang makaiwas sa stres, sakit at komplikasyon.<br><br>Ito'y isang paraan para mapabilis ang paglaki at pagbigat ng mga lalaking biik. | **BIGG FORMULA 2 Water Soluble Granule**<br><br>**IODOSTRIKE® (ANTISEPTIC SOLUTION)** | 1 kutsara bawat 4 litrong inuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw.<br><br>Gamitan ng bulak. |
| 24 araw pagkapanganak | Turukan ng **VITAMIN A D E** ang nagsisilaking biik. | Para sa mas malakas na resistensya laban sa mga sakit. Mas mabilis lumaki at iwas bansot. | **VITAMIN A D E Injection** | 0.5 mL bawat biik iturok sa pigi (Intramuscular) |
| 28-30 araw pagkapanganak | Awatin na ang mga biik na may timbang na 8-10 Kgs. pataas. Sa pagwawalay ang inahin ang dapat na ilipat ng kulungan at iwanan ang mga biik sa dating kulungan.<br>Maghalo ng Electrolytes sa inuming tubig bago at pagkatapos magwalay.<br><br>Samantalang ang inahin naman ay turukan ng **VITAMIN A D E** bilang paghahanda sa susunod na paglalandi.<br><br>Sa gulang ding ito maaari na nating sanayin ang ating mga biik na bigyan ng prestarter feeds hanggang sa gulang na 60 araw. Haluan ang pagkain ng mga bitaminang nakakatulong sa paglaki tulad ng bitamina, mineral, calcium, at phosphorus. | Sa gayong paraan mas magkakaroon ng pagkakataon makapagpahinga ang inahin at maihanda ang sarili sa susunod na paglalandi.<br>Upang mapangalagaan ang kanilang kalusugan sa panahong "Stress" o pagod.<br><br>Upang makasigurong mabilis ang pagbabalik-landi ng inahin pagkaawat niya sa mga biik at napataas ang antas ng pagbuo ng itlog pagkatapos ng pagpapakasta.<br><br>Para sa mabilis na paglaki at pagbigat ng inyong mga alaga. | **BIGG ELECTROLYTES Water Soluble Granule**<br><br>**VITAMIN A D E Injection**<br><br>**MAMILI:**<br>**1. HAPPY PIG**<br>**2. CECICAL** | 1 kutsara bawat 20 litrong inuming tubig. Ibigay sa loob ng 2-3 araw.<br><br>5 mL bawat inahin. Iturok (Intramuscular)<br><br>1 apaw na kutsarita bawat biik araw-araw. Ihalong mabuti sa pagkain ½ kutsarita bawat biik araw-araw. Ihalong mabuti sa pagkain. |
| 7 araw pagkaawat | Purgahin ang lahat ng biik. | Upang maalis ang lahat ng bulate sa ating mga alaga na maaring maging dahilan ng kanilang mabagal na paglaki. | **PIDRO WORMKILLER** | 2.4 gramo bawat biik. Ihalo sa pagkain o inumin. |
| 2 Linggo pagkaawat | Bakunahan ang mga biik ng panlaban sa Hog Cholera.<br><br>Panatilihin ang antas ng suplementong antibiotiko sa pagkain. | Para maiwasan ang mga grabeng sakit na tulad ng Hog Cholera.<br><br>Upang palakasin ang kanilang katawan at mapaglabanan ang epekto ng "stress" (pagod) sa mga bagong walay na biik, para maiwasan ang sakit tulad ng enteritis, pulmonya at pagkakabansot. | **HOG CHOLERA Vaccine**<br><br>**CHOR-SP** | Sundin ang sinasaad ng pakete.<br><br>Lakuhan ng 1-2 kutsarita (15-30 gramo) ng **Chlor-SP** bawat 11 kilo pakain o 1-2 kilo bawat tonelada ng pagkain. |
| Linggo | Pangalawang pagpupurga sa | Upang tuluyang maalis ang | **PIDRO** | 2.4 gramo bawat biik. Ihalo |